IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

PANANAW SA KAKAYAHAN NG PAGTUTURO NG GURO AT PAGPAPAHALAGA SA ASIGNATURANG FILIPINO BILANG PAGTUKOY SA INTERES SA PAGKATUTO NG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Jan Patrick Fernandez[1], Carla Jane Lagrosa[1], Mary Cris Lao[1], Eve Olandria[1], Carlos Parido[1], Emmanuel L. Templa MPA[2], Grecel Paclipan, PhD[3]

[1] College Department, St. Peter's College of Toril, Inc, Toril, Davao City, Philippines
[2] Research and Publications Office, St. Peter's College of Toril, Inc, Toril, Davao City, Philippines
[3] College Department, St. Peter's College of Toril, Inc, Toril, Davao City, Philippines

https://doi.org/10.5281/zenodo.15380419

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng kanilang guro sa Filipino at ang kanilang interes sa pag-aaral ng asignaturang ito sa St. Peter's College of Toril, Inc. Layunin nitong alamin kung paanong ang estratehiya ng guro, pagganyak sa pagtuturo, at kahusayan sa nilalaman ay nakaaapekto sa partisipasyon, kagustuhang matuto, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang deskriptibong korelasyonal na disenyo, kung saan gumamit ng survey upang mangalap ng datos mula sa mga mag-aaral sa Junior High School. Ang nakalap na datos ay sumailalim sa korelasyon at regression analysis upang matukoy ang antas ng ugnayan at epekto ng mga variable. Ipinakita ng resulta na may katamtamang positibong ugnayan (r = .468) sa pagitan ng pananaw sa kakayahan ng guro at interes sa Filipino, at may mataas na positibong ugnayan (r = .739) sa pagitan ng pagpapahalaga sa Filipino at interes sa asignatura. Sa regression analysis, napatunayang may makabuluhang epekto ang parehong kakayahan ng guro (B = 0.519, p = 0.000) at pagpapahalaga ng mag-aaral (B = 0.810, p = 0.002) sa kanilang interes. Ipinapahiwatig ng mga resulta na mahalagang palalimin pa ang estratehiya ng pagtuturo at palaganapin ang pagpapahalaga sa

asignaturang Filipino upang mapataas ang interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay maaaring gamitin bilang batayan sa pagbuo ng mas epektibong mga metodolohiyang pang-edukasyon para sa asignaturang Filipino.

Keywords: *Pananaw ng Mag-aaral, Kakayahan ng Guro, Interes sa Filipino, Pagpapahalaga sa Asignatura, Deskriptibong Korelasyonal na Pananaliksik*

INTRODUCTON

Ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may malaking epekto sa kanilang pagkatuto, pati na rin sa pagpapahalaga at pagmamahal sa kanilang wika at kultura. Mahalaga ang interes sa Filipino dahil tumutulong ito upang mapanatili at mapalaganap ang wika at kultura ng bansa, na siyang pundasyon ng kanilang pambansang identidad. Ayon kay Irianto and Timang (2024), ang interes sa isang asignatura ay may malaking papel sa pagkatuto ng mag-aaral, ito ang nagpapalakas ng kanilang kagustuhan matutunan ang mga aralin. Ayon kay Lojente (2024), ang nilalaman ng asignaturang Filipino ay tumatalakay sa mga kaugalian, pamumuhay, at tradisyon ng mga Pilipino, na nagiging daan upang makilala nila ang kanilang sariling pagkakakilanlan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kakayahan ng kanilang guro at ang pagpapahalaga nila sa asignaturang Filipino, at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang interes sa pagkatuto ng Filipino sa St. Peter’s College of Toril, Inc. Ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na ang kahusayan ng guro sa pagtuturo ay may direktang epekto sa interes ng mag-aaral sa asignatura (Charles, et. al 2023; Gloria., 2021). Gayundin, ipinapakita ni Ma (2021) na ang guro ay may malaking papel sa pagpapalakas ng interes ng mag-aaral sa asignaturang , kaya’t ang kakayahan ng guro ay isang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng asignatura.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino at ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang ito. Ayon kay Gesta et. al (2024), ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa isang asignatura ay nagpapakita ng kanilang positibong pagtingin at pagpapahalaga sa wika, na nakakatulong sa kanilang aktibong pagkatuto. Ang pananaliksik na ito ay magbibigay ng mga konklusyon na makakatulong sa pagpapalakas ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino, pati na rin sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wika at kultura ng bansa.

Bagamat maraming pag-aaral na ang tumatalakay sa interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino, mayroong kakulangan sa pagsusuri ng epekto ng mga pananaw ng mag-aaral sa kakayahan ng guro at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang interes. Ang mga pag-aaral, tulad ng kay Lausa, et. al (2020) at Ariaso (2020),

ay nagpapakita ng mga isyu sa interes at pagpapahalaga sa Filipino, ngunit wala pang sapat na pagsusuri sa konteksto ng St. Peter's College of Toril, Inc. Kaya't mahalaga ang pananaliksik na ito upang matugunan ang isyung ito at magbigay ng konkretong ebidensya.

Sa mga naunang pag-aaral, ipinapakita na ang guro ay may malaking papel sa pagpapalakas ng interes ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon kay Firda and Khariat (2023), kinikilala ng mga mag-aaral ang husay ng guro sa paghahatid ng aralin at ito ay nakakatulong sa kanilang interes sa asignatura. Ayon kay Demir and Akman (2015), ang mga mag-aaral na may mababang interes sa Filipino ay madalas na lumiliban sa klase, kaya't mahalaga ang paggamit ng kaakit-akit na pamamaraan ng pagtuturo upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinapakita ni Fajardo et. al (2024) na ang interes ng mag-aaral sa Filipino ay may malaking epekto sa kanilang damdaming makabayan at sa pagpapanatili ng kanilang kultura at identidad. Ayon kay Buduan et. al (2015), nabawasan ang interes ng mga Pilipinong kabataan sa dahil sa pagtangkilik sa mga banyagang wika, ngunit ang mga mag-aaral na may interes sa Filipino ay nagpapakita rin ng pagpapahalaga dito. Sa lokal na konteksto, ipinakita ng pag-aaral ni Sullera et. al (2020) na mayroong malaking hamon sa edukasyon sa Pilipinas dahil sa kakulangan ng interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon kay Ariaso (2020), may mga mag-aaral na hindi interesado sa Filipino dahil nakatuon ang kanilang pansin sa iba pang asignatura tulad ng Ingles, na nagpapakita ng epekto ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa interes ng mag-aaral na matuto nito.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang epekto ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino at ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kanilang interes na matuto ng Filipino. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil magbibigay ito ng mga konkretong ebidensya ukol sa kahalagahan ng guro at ng pagpapahalaga ng mag-aaral sa pagtaas ng interes sa Filipino. Itinatampok ng pananaliksik ang mga salik na nakakaapekto sa interes ng mga mag-aaral at paano ito makakatulong sa pagpapalakas ng kanilang wika at kultura sa makabagong edukasyon. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay magbibigay-daan upang matugunan ang isyu ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, pati na rin ang pagpapahalaga nila sa wika at kultura. Ang layunin ng pag-aaral ay magbigay ng mga rekomendasyon at solusyon na makakatulong sa pagpapalakas ng interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino sa St. Peter's College of Toril, Inc.

Research Questions

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang pananaw ng mga mag aaral sa antas ng kakayahan ng pagtuturo ng mga guro sa Filipino, antas ng pagpapahalaga ng mga mag aaral sa asignaturang Filipino at antas ng Interes sa Pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral sa *Junior High School* ng St. Peter's College of Toril, Inc. para sa taong 2023-2024. Ito rin ay naglalayong matuklasan kung may makabuluhang impluwensya ba

sa pagitan ng kakayahan ng guro sa pagtuturo, pagpapahalaga ng asignaturang Filipino at interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Paghuli, ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin kung alin sa dalawang baryabol ang may makabuluhang impluwensya sa interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. Ito ay sasagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng pagtuturo ng guro? Partikular sa aspeto ng:
    1.1 Estratehiya sa pagtuturo
    1.2 Motibasyon sa pagtuturo
    1.3 Kahusayan sa konteksto sa aralin

2. Ano ang antas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino? Partikular sa aspeto ng:
    2.1 Kahalagahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino
    2.2 Pananaw sa kapakinabangan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino
    2.3 Pag-uugali patungo sa pagkatuto ng asignaturang Filipino

3. Ano ang antas ng interes sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral? Partikular sa aspeto ng:
    3.1 Pakikilahok at pakikisangkot sa talakayan
    3.2 Kagustuhan sa pagkatuto
    3.3 Pagganap sa asignatura

4. Mayroon bang makabuluhang impluwensya ang pananaw sa kakayahan ng guro sa pagtuturo sa interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral?

5. Mayroon bang makabuluhang impluwensya ang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa interes sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral?

6. Alin sa dalawang malayang baryabol, ang pananaw sa kakayahan ng guro sa pagtuturo at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ang higit na mayroong makabuluhang impluwensya sa interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino?

Hypothesis

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na hipotesis ay susubukin sa **0.05** antas ng kabuluhan.

H_{01}. Walang makabuluhang impluwensya ang pananaw sa kakayahan ng guro sa pagtuturo sa interes sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng St. Peter's College Students of Toril, Inc.

H_{a1}. Mayroong makabuluhang impluwensya ang pananaw sa kakayahan ng guro sa pagtuturo sa interes sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng St. Peter's College Students of Toril, Inc.

H_{02}. Walang makabuluhang impluwensya ang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng St. Peter's College Students of Toril, Inc.

H_{a2}. Mayroong makabuluhang impluwensya ang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa interes sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng St. Peter's College Students of Toril, Inc.

METHODOLOGY

Research Design

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo, partikular ang deskriptibong korelasyonal na disenyo, upang suriin ang ugnayan ng pananaw sa kakayahan ng guro sa pagtuturo, pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, at interes nila sa pagkatuto ng Filipino. Ayon kay Thomas and Zubkov (2023), ang kwantitatibong disenyo ay nakatuon sa obhetibong pagsusuri gamit ang estadistikal na pamamaraan. Ang deskriptibong disenyo, na may layuning maghatid ng mga tiyak na resulta, ay ginamit upang tuklasin ang ugnayan ng mga salik sa isang malawak na populasyon (Nassaji, 2015). Ang non-experimental na pamamaraang deskriptibo ay nagsagawa ng pagmamasid at pagtaya sa mga umusbong na baryabol, nang hindi minanipula ang mga ito (Reio, 2023). Samantalang ang korelasyonal na disenyo ay tumutok sa pagsusuri ng relasyon ng mga baryabol, kung ito ba ay positibo o negatibo (Bhandari, 2021). Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay itinuring na angkop upang masiyasat ang mga ugnayan sa pagitan ng mga baryabol na kaugnay ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino.

Research Locale

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong Katolikong institusyon sa lungsod ng Dabaw, kung saan dating nag-aaral ang mga mananaliksik. Ang paaralang ito ay pinamamahalaan ng mga madre at nag-aalok ng K-12 Programa mula baitang 7 hanggang 12, pati na rin ng iba't ibang kurso sa kolehiyo. Ang mga mag-aaral sa Junior High School ang naging mga respondente ng pag-aaral, dahil sa kanilang sapat na kaalaman at kakayahan upang maunawaan at masagot ang mga tanong ng pag-aaral. Ayon sa mga mananaliksik, nakita at narinig nila na may mga mag-aaral sa sekondarya na nahirapan sa asignaturang Filipino, kaya't sila ay itinuturing na kwalipikado at karapat-dapat na sumagot sa sarbey na isinagawa.

Research Participants

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Stratified Sampling upang tukuyin ang mga kalahok mula sa Junior High School ng isang pribadong Katolikong paaralan. Ang mga mag-aaral ay hinati sa mga strata batay sa kanilang baitang at seksyon. Sa kabuuang populasyon na 504 mag-aaral, ang sample size na 223 ay napili gamit ang Slovin's formula na may 0.05 margin of error. Ginamit ang Proportional Allocation upang matiyak na may sapat na representasyon ang bawat baitang, kung saan ang mga mag-aaral mula sa Baitang 7, 8, 9, at 10 ay nagkaroon ng mga sample na 61, 59, 50, at 53, ayon sa kanilang proporsyon sa kabuuang populasyon. Ang bawat baitang ay hinati pa batay sa seksyon: halimbawa, sa Baitang 7, nagmula ang 20 sa St. Dominic, 20 sa St. Bernadeth, at 21 sa St. Claire, at ganito rin sa iba pang baitang. Pagkatapos, ginamit ang Random Sampling upang matukoy ang mga kalahok mula sa bawat seksyon, na nagbigay ng patas na pagkakataon sa bawat mag-aaral na mapili bilang bahagi ng pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay nagtiyak ng representatibo at makatarungang sample mula sa bawat baitang at seksyon, na nagbigay ng sapat na datos para sa pagsusuri ng mga resulta.

Research Instrument

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng talatanungan o survey questionnaire na binuo ng mga mananaliksik upang makuha ang impormasyon mula sa mga respondente. Ginamit ang Likert scale upang sukatin ang pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng guro at pagpapahalaga sa asignaturang Filipino, pati na rin ang kanilang interes sa pagkatuto ng Filipino, kung saan ang mga respondente ay nagbigay ng rating mula 1 (lubos na hindi sumasang-ayon) hanggang 5 (lubos na sumasang-ayon). Ang talatanungan ay isinailalim sa proseso ng pagwawasto, balidasyon, rebisyon, at reliability test upang matiyak ang pagiging angkop at epektibo nito. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pagsusuri kasama ang mga eksperto upang tiyakin ang kredibilidad, at pagkatapos ay nagsagawa ng pilot testing sa mga mag-aaral ng Junior High School ng St. Peter's College of Toril, Inc. sa pamamagitan ng face-to-face modality upang suriin ang bisa ng talatanungan sa pagsukat ng mga pananaw at interes ng mga kalahok.

Data Analysis Tool

Sa pagsusuri ng mga resulta ng pag-aaral, ginamit ng mga mananaliksik ang Mean Score at Standard Deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol tulad ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng pagtuturo ng guro, pagpapahalaga sa asignaturang Filipino, at interes sa pagkatuto sa Filipino. Upang masagot ang mga suliranin at hypothesis 1 at 2, ginamit ang Pearson Product Moment Correlation upang malaman ang ugnayan ng mga nabanggit na baryabol. Para masagutan ang hypothesis, ginamit ang Linear Regression upang suriin kung alin sa mga baryabol—tulad ng pananaw sa guro at pagpapahalaga sa Filipino—ang nagkaroon ng mas malaking epekto sa interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at kung paano ito nakaapekto sa kanilang pagkatuto.

RESULTS AND DISCUSSION

Antas ng Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng antas ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng pagtuturo ng guro. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga indibidwal na tagapagpahiwatig para sa baryabol. Estratehiya sa pagtuturo, Pagganyak sa pagtuturo, at Kahusayan sa nilalaman sa aralin.

Talahanayan 1: Antas ng Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro: Estratehiya sa Pagtuturo

Estratehiya sa Pagtuturo			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ang aking guro ay may sapat na kaalaman sa mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.	**4.27**	**0.736**	NAPAKATAAS
2. Magaling ang aking guro sa pagpapaliwanag ng mga konsepto sa Filipino gamit ang iba't ibang pamamaraan.	**4.12**	**0.808**	MATAAS
3. Nararamdaman at nakikita ko na ang aking guro ay handa at may kakayahang magamit ang mga modernong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino.	**4.13**	**0.767**	MATAAS
4. Mayroong kahusayan ang aking guro sa paggamit ng mga estratehiya na matugunan ang aking pangangailanagan sa pagkatuto ng asignaturang filipino.	**4.07**	**0.816**	MATAAS
5. Nakatutulong ang mga estratehiya na ginagamit ng aking guro upang lubos kung maunawaan ang mga aralin sa asignaturang Filipino.	**3.99**	**0.838**	MATAAS

Kabuuan	**4.11**	**0.785**	**MATAAS**

Ang mga resulta sa Talahanayan 1 ay nagpapakita ng mataas na pananaw ng mga mag-aaral ukol sa kakayahan ng kanilang guro sa paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang pahayag na "Ang aking guro ay may sapat na kaalaman sa mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino" ay nakatanggap ng pinakamataas na mean na 4.27, na nagpapahiwatig ng matibay na paniniwala ng mga mag-aaral sa kahusayan ng kanilang guro. Ang mababang standard deviation na 0.736 ay nagmumungkahi ng pagkakapareho ng pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kakayahan ng guro. Ayon kay Chen (2024), mahalaga na patuloy na paunlarin ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mapalago ang kritikal na pag-iisip at interes ng mga mag-aaral sa kanilang asignatura.

Ipinapakita rin ng mga resulta na may kahalagahan ang kakayahan ng guro hindi lamang sa pagpapamalas ng kaalaman, kundi pati na rin sa kanyang kakayahang mag-engganyo ng mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Ayon kay Kelly, et. al (2020), ang mga guro ay may tungkuling magsilbing gabay sa mga mag-aaral upang maitaguyod ang kanilang aktibong partisipasyon sa klase. Gayundin, tinukoy nina Cooper at Ozansoy (2022) na ang mga estratehiya sa pagtuturo ay isang pangunahing susi sa pagpapalawak ng kasanayan ng mag-aaral, kaya’t mahalaga na isaalang-alang ng guro ang mga angkop na teknik at metodolohiya upang mapanatili ang kasiglahan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang aralin.

Samantala, ang pahayag na "Nakatutulong ang mga estratehiya na ginagamit ng aking guro upang lubos kong maunawaan ang mga aralin sa asignaturang Filipino" ay nakatanggap ng bahagyang mas mababang mean na 3.99, bagamat ito’y nananatili pa rin sa kategoryang “Mataas.” Ipinapakita nito na, bagamat may positibong epekto ang mga estratehiya sa pagpapalawak ng kaalaman, may mga pagkakataon pa rin na hindi lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Ayon kay Kelly et. al (2020), ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ay may malalim na epekto sa kalidad ng kanilang trabaho at sa pag-engganyo ng mag-aaral upang maging mas aktibo sa kanilang pagkatuto.

Sa kabuuan, ang mean na 4.11 (Mataas) ay nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa estratehiya ng kanilang guro. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang marka na nauugnay sa pag-unawa ng mga aralin ay nagpapahiwatig ng isang maliit na agwat sa pagiging epektibo ng estratehiya at ang kakayahan ng mga mag-aaral na ganap na maunawaan ang mga konsepto. Ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mga guro na magsuri at mag-adjust ng kanilang mga estratehiya upang matugunan ang iba’t ibang pangangailangan at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Tulad ng binanggit nina Cooper at Ozansoy, ang paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapataas ng interes ng mga mag-aaral kundi nakakaambag din sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan at kaalaman.

Talahanayan 2: Antas ng Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro: Pagganyak sa Pagtuturo

Pagganyak sa Pagtuturo			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ang aking guro ay nagtataglay ng kagalakan sa pagtuturo sa asignaturang Filpino.	**4.16**	**0.810**	MATAAS
2. Nakatutulong ang aking guro sa pagbibigay ng inspirasyon at motibasyon saakin upang mas maging masigla ako sa pag-aaral ng Filipino.	**3.98**	**0.849**	MATAAS
3. Ang aking guro ay may kakayahang gawing kaakit-akit ang pag-aaral ng asignaturang Filipino.	**3.98**	**0.870**	MATAAS
4. Nararamdaman ko ang dedikasyon ng aking guro sa pagtuturo ng Filipino.	**4.08**	**0.869**	MATAAS
5. Ang aking guro ay nagpapakita ng kasiglaan at kagustuhang magturo ng asignaturang Filipino na siyang nakatutulong sa akin upang matutunan ito.	**4.13**	**0.827**	MATAAS
Kabuuan	**4.07**	**0.847**	**MATAAS**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na may mataas na pananaw ang mga mag-aaral sa kakayahan ng kanilang guro sa pagganyak sa pagtuturo ng Filipino. Ang pahayag na "Ang aking guro ay nagtataglay ng kagalakan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino" ay nakatanggap ng mean na 4.16, na nagsisilbing indikasyon ng kasiyahan ng mga mag-aaral sa sigla at kasiyahan ng kanilang guro sa pagtuturo. Ayon kay Felonia (2021), ang kasiyahan ng guro sa pagtuturo ay may positibong epekto sa kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, tinukoy nina Katz at Shahar (2015) na ang mataas na motibasyon ng guro ay may malalim na epekto sa pagtaas ng interes at kasigasigan ng mga mag-aaral sa kanilang asignatura.

Gayunpaman, ang mga pahayag na may kinalaman sa pagbibigay ng inspirasyon at paggawa ng Filipino na kaakit-akit ay nakatanggap ng mean na 3.98. Bagamat ito ay itinuturing na mataas, mas mababa pa rin ito kumpara sa iba pang aspeto ng pagganyak. Ayon kina Cooper at Ozansoy (2022), ang estratehiya sa pagtuturo ay isang mahalagang bahagi ng epektibong pagkatuto, at kinakailangan ito'y maging makabago at kapana-

panabik upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral. Sa katulad na paraan, isinusuong rin ni Mosimege et. al (2021) na ang paggamit ng epektibong estratehiya ng guro ay susi sa pagpapalakas ng pagganyak ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mean na 4.07 ay nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa motibasyon at kasiglahan ng kanilang guro. Subalit, ang bahagyang pagbaba ng marka sa aspeto ng inspirasyon ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mga guro na magpatuloy sa pagpapahusay ng kanilang mga estratehiya upang maging mas engaging at kaakit-akit ang kanilang pagtuturo. Ayon kina Amaliah et. al (2024) at Hasanodin at Arazo (2024), ang kombinasyon ng malalim na kaalaman sa nilalaman at ang kasanayan sa paghahatid nito sa paraang kaaya-aya ay mahalaga upang mapabuti ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3: Antas ng Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro: Kahusayan sa Nilalaman ng Aralin

Kahusayan sa Nilalaman ng Aralin			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ang aking guro ay may sapat na kaalaman tungkol sa paksang kanyang tinatalakay sa asignaturang Filipino.	**4.27**	**0.806**	MATAAS
2. Ang aking guro ay nakatutulong saaking mabilis na pag-unawa sa nilalaman ng mga tinalakay na aralin sa Filipino.	**4.04**	**0.813**	MATAAS
3. Nararamdaman ko ang pagiging mahusay ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.	**4.06**	**0.862**	MATAAS
4. Ang aking guro ay nagtataglay ng kahusayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.	**4.17**	**0.826**	MATAAS
5. Ang aking guro ay may kakayahang gawing kapani-paniwala ang mga aralin/ leksyon sa Filipino sa pamamagitan ng pag-uugnay ng konteksto saaking pang-araw-araw na buhay.	**4.08**	**0.848**	MATAAS
Kabuuan	**4.12**	**0.831**	**MATAAS**

Ipinapakita sa Talahanayan 3 na may mataas na pananaw ang mga mag-aaral sa kahusayan ng kanilang guro sa pagtalakay ng nilalaman ng aralin sa Filipino. Ang pahayag na "Ang aking guro ay may sapat na kaalaman tungkol sa paksang kanyang tinatalakay sa asignaturang Filipino" ay nakatanggap ng mean na 4.27, na nagpapakita ng matibay na tiwala ng mga mag-aaral sa content knowledge ng kanilang guro. Ang mababang standard deviation na 0.806 ay nagpapahiwatig ng pagkakapareho ng pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kaalaman ng kanilang guro. Ayon kina Amaliah et. al (2024), ang malalim na kaalaman ng guro sa aralin ay isang mahalagang salik sa epektibong pagtuturo. Binanggit din ni Hermoso et. al (2023) na ang pagiging pamilyar ng guro sa layunin at nilalaman ng kurikulum ay mahalaga upang maipaabot ito nang malinaw at maayos sa mga mag-aaral.

Gayunpaman, ang pahayag na "Ang aking guro ay nakatutulong sa aking mabilis na pag-unawa sa nilalaman ng mga tinalakay na aralin sa Filipino" ay nakatanggap ng mean na 4.04, na patuloy na mataas ngunit bahagyang mas mababa kumpara sa iba pang mga pahayag. Ipinapahiwatig nito na may espasyo pa para sa pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagpapaliwanag. Ayon kina Cooper at Ozansoy (2022), ang mga estratehiya sa pagtuturo ay kinakailangang akma at makabago upang maging epektibo. Sinang-ayunan ito ni Asyaari (2023), na nagsabi na ang paggamit ng epektibong estratehiya ay hindi lamang nakatutulong sa proseso ng pagkatuto kundi nagpapalalim din ng kawilihan ng mga mag-aaral sa asignatura.

Sa kabuuan, ang mean na 4.12 ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahusayan ng kanilang guro sa pagtuturo ng Filipino. Bagamat mataas ang mga resulta, ang bahagyang pagbaba sa ilang pahayag ay nagpapahiwatig na may mga pagkakataon pa upang mapabuti ang mga estratehiya ng guro sa pagpapaliwanag ng mga aralin. Tulad ng binanggit nina Munna and Kalam (2021), ang kahusayan sa pagtuturo ay hindi lamang nakabatay sa malalim na kaalaman kundi pati na rin sa kakayahang magturo nang malinaw at makatawag-pansin. Ito ay isang aspeto na patuloy na dapat paunlarin ng mga guro sa Filipino upang mapabuti ang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Talahanayan 4: Kabuuang Antas ng Pananaw sa Kakayahan ng Pagtuturo ng Guro

Indicator	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
Estratehiya sa Pagtuturo	**4.11**	**0.785**	MATAAS
Pagganyak sa Pagtuturo	**4.07**	**0.847**	MATAAS
Kahusayan sa Nilalaman ng Aralin	**4.12**	**0.831**	MATAAS
Kabuuang Baryabol	**4.10**	**0.827**	**MATAAS**

Batay sa Talahanayan, ang "Kahusayan sa Nilalaman ng Aralin" ay nakatanggap ng pinakamataas na mean (4.12), na nagpapakita ng mataas na pagtitiwala ng mga mag-

aaral sa kaalaman ng kanilang guro sa Filipino. Ayon kina Kamamia et al. (2014), ang malawak na kaalaman ng guro sa nilalaman ng aralin ay mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon at sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip sa pagtuturo. Ang Pedagogical Content Knowledge (PCK) theory ni Shulman (1987) ay sumusuporta sa ideyang ito, na binibigyang-diin ang kakayahan ng guro hindi lamang na maunawaan ang paksa, kundi upang maipahayag ito sa paraang angkop sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kapag taglay ng guro ang ganitong kaalaman, mas nagiging makabuluhan at epektibo ang pagkatuto sa klase, na nagpapalakas sa engagement at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang kahusayan ng guro sa nilalaman ng aralin ay isang mahalagang indicator ng kakayahan ng guro sa pagtuturo. Ayon kina Filgona et al. (2020), ang pagkakaroon ng malalim na kaalaman ng guro sa kanyang paksa ay nagpapalawak sa kakayahan nitong magturo nang mahusay. Sa pamamagitan nito, natutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto nang mas madali at mas kumpleto. Ang kaalaman ng guro sa nilalaman ay nagsisilbing pundasyon para sa mga estratehiya na ginagamit niya sa pagtuturo, kaya't nakakatulong ito sa pagpapalakas ng interes at kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Samantala, ang "Pagganyak sa Pagtuturo" ay may pinakamababang mean (4.07), bagamat ito'y nasa antas pa rin ng "Mataas." Ipinapakita nito na may bahagyang kakulangan sa aspeto ng motibasyon sa pagtuturo, isang aspeto na ayon kina Katz at Shahar (2015) ay may direktang epekto sa interes ng mga mag-aaral. Dagdag pa ni Felonia(2021), ang motibasyon ng guro ay nakaaapekto sa kalidad ng pagpapaliwanag at sa kabuuang atmospera ng klase. Upang mas maunawaan ito, maaaring gamitin ang Expectancy-Value Theory (EVT) nina Wigfield and Eccles (2020), na nagsasabing ang motibasyon ng mag-aaral ay nakabatay sa kanilang paniniwala sa tagumpay (expectancy) at sa kahalagahan ng gawain (value). Kapag kulang ang pagganyak ng guro, maaaring hindi makita ng mag-aaral ang kahalagahan ng asignatura, na humahantong sa pagbaba ng interes sa pagkatuto.

Sa konteksto ng mga estratehiya sa pagtuturo, ayon kay Hafeez (2021) ang guro ay may responsibilidad na paunlarin ang kanilang kakayahan upang mag-engganyo at magbigay ng mga estratehiya na magpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang mga estratehiya na ginagamit ng guro ay mahalagang bahagi ng kanilang kakayahan, na hindi lamang nagpo-promote ng pagkatuto kundi pati na rin ng kasiyahan at motibasyon sa klase. Binanggit nina Cooper at Ozansoy (2022) na ang mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Bagaman mataas ang kabuuang mean na 4.10, mahalagang bigyang-pansin ng mga guro at administrador ang pagkakaibang ipinapakita sa bawat indicator. Ayon kina Cooper at Ozansoy (2022), ang estratehiya ng guro ay may malaking papel sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan din ni Mosimege et. al (2021) na ang paggamit ng malikhaing pamamaraan sa pagtuturo ay makatutulong upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto,

kailangang palakasin hindi lamang ang nilalaman ng aralin kundi pati ang emosyonal na aspeto ng pagtuturo, tulad ng pagganyak at inspirasyon ng guro.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang taglay na kahusayan ng guro sa nilalaman ng aralin, ayon sa PCK theory, ay mahalaga sa epektibong pagtuturo. Gayundin, binibigyang-diin ng EVT ang kahalagahan ng pagganyak upang mapalakas ang pananaw ng mga mag-aaral sa halaga ng asignaturang Filipino. Ang pagsasanib ng dalawang teorya ay nagpapakita na ang mahusay na pagtuturo ay nangangailangan ng balanse sa pagitan ng malalim na kaalaman at epektibong motibasyon. Kapag magkaugnay ang dalawang ito, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa aktibong pagkatuto at mas tumitibay ang kanilang interes sa asignatura.

Antas ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng antas ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mag-aaral. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga indibidwal na tagapagpahiwatig para sa baryabol. Kahalagahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, Pananaw sa kapakinabangan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, at Pag-uugali patungo sa pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 5: Antas ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino: Kahalagahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino

Kahalagahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Napapatunayan ko ang kahalagahan ng asignaturang Filipino sa aking buhay.	**4.04**	**0.829**	MATAAS
2. Ang asignaturang Filipino ay may malaking kontribusyon/ambag sa pagpapaunlad ng aking kasanayan at kaalaman.	**4.08**	**0.827**	MATAAS
3. Ang asignaturang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng aking pagkakakilanlan bilang isang Pilipino.	**4.19**	**0.790**	MATAAS
4. Naniniwala ako na mahalang pag-aralan ang asignaturang Filipino para saaking ikabubuti.	**4.07**	**0.859**	MATAAS

5. Ang asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga aral na may kahalagahan sa aking personal na buhay.	**4.00**	**0.865**	MATAAS
Kabuuan	**4.08**	**0.836**	**MATAAS**

Batay sa resulta ng Talahanayan 5, lumalabas na mataas ang antas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na may kabuuang mean na 4.08 at standard deviation na 0.836. Ang mataas na pagtataya na ito ay nagpapakita na kinikilala ng mga mag-aaral ang mahalagang papel ng asignaturang Filipino sa kanilang personal at akademikong pag-unlad. Ayon kay Rowena (2020), ang asignaturang Filipino ay isang daan upang maipakita ang pagmamahal at pagpapahalaga sa kultura at wika ng bansa, kaya't ito ay may positibong epekto sa mga mag-aaral. Ang bawat pahayag na isinama sa pagsusuri ay may interpretasyong "Mataas," na nagpapahiwatig ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng asignatura sa kanilang buhay at pagkatuto.

Kapansin-pansin na ang pahayag na "Ang asignaturang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng aking pagkakakilanlan bilang isang Pilipino" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.19 (SD = 0.790). Ipinapakita nito na nakikita ng mga mag-aaral ang asignaturang Filipino bilang pundasyon ng kanilang pambansang identidad at pagmamalasakit sa kultura. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Sullera et al. (2020), na nagsasabing ang mataas na pagpapahalaga sa paghubog ng pagkakakilanlan ay nagdudulot ng mas mataas na interes at aktibong pagkatuto sa Filipino.

Samantalang ang pahayag na "Ang asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga aral na may kahalagahan sa aking personal na buhay" ay may pinakamababang mean na 4.00 (SD = 0.865), bagama't mataas pa rin, na nagpapahiwatig na bagamat kinikilala ng mga mag-aaral ang personal na koneksyon sa aralin, ito ang aspeto na maaaring higit pang mapalalim ng mga guro. Ang bahagyang pagkakaibang ito ay nagmumungkahi na may pagkakataon ang mga guro upang higit pang paigtingin ang pag-uugnay ng mga aralin sa mga praktikal na aspeto ng buhay ng mag-aaral, kaya't mas magiging malalim ang kanilang koneksyon sa asignatura.

Ang mga resulta ay may mahahalagang implikasyon para sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Una, ipinapakita ng datos na ang guro ay may malaking papel sa pagpapatibay ng ugnayan ng asignatura sa pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Ayon kay Nacis (2014), ang mahusay na pagtuturo ng Filipino ay nagpapalalim sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wika at kultura, kaya't mahalaga ang papel ng guro sa pagpapalawak ng mga estratehiya upang mapanatili at mapalalim ang interes ng mga mag-aaral. Pangalawa, kinakailangang pag-ibayuhin ang pag-uugnay ng mga aralin sa personal na buhay ng mga estudyante upang higit nilang makita ang aktwal na aplikasyon ng mga natutunan sa kanilang pang-araw-araw na karanasan, na ayon kay Sullera et al.

(2020) ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas ang kanilang koneksyon sa asignatura.

Talahanayan 6: Antas ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino: Pananaw sa Kapakinabangan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino

Pananaw sa Kapakinabangan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ang asignaturang Filipino ay may malaking ginagampanan kahalagahan sa paghahanda sa aking hinaharap.	**3.99**	**0.849**	MATAAS
2. Nararamdaman at nakikita ko ang mga praktikal na benepisyo ng pag-aaral ng asignaturang Filipino sa aking pang-araw-araw na buhay.	**4.04**	**0.782**	MATAAS
3. Naniniwala ako na ang asignaturang Filipino ay nagbibigay daan saakin upang makilala kong lubusan ang aking pagkakakilanlan bilang isang Pilipino.	**4.05**	**0.792**	MATAAS
4. Ang asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga aral na may kaugnayan sa mga pangunahing isyu at hamon saaking lipunang ginagalawan.	**3.99**	**0.865**	MATAAS
5. Ang asignaturang Filipino ay may malaking ambag sa pagbuo ng aking mga kasanayang makro tulad ng pagbasa, pagsulat at pakikipagtalastasan.	**4.13**	**0.834**	MATAAS
Kabuuan	**4.04**	**0.825**	**MATAAS**

Batay sa mga naunang pag-aaral at resulta ng pagsusuri, makikita ang mataas na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at ang kontribusyon nito sa kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, kabilang ang pagbasa, pagsulat, at pakikipagtalastasan. Ayon kay Sullera et al. (2020), ang malalim na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino ay may positibong epekto sa kanilang akademikong pagganap.

Ipinapakita ng pahayag na, "Ang asignaturang Filipino ay may malaking ambag sa pagbuo ng aking mga kasanayang makro tulad ng pagbasa, pagsulat, at pakikipagtalastasan," ang mataas na mean na 4.13, na nagsasaad ng pagtanaw ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng Filipino sa kanilang mga kasanayan sa komunikasyon. Mahalaga ito dahil itinuturing ng mga mag-aaral ang Filipino hindi lamang bilang isang akademikong asignatura kundi bilang isang kasangkapan din sa kanilang personal at propesyonal na buhay.

Ayon kay Rowena (2020), ang asignaturang Filipino ay nagbibigay ng tungkulin sa mga mag-aaral na mahalin at tangkilikin ang wika, at nagsisilbing pundasyon ng kanilang kaalaman sa kultura at kasaysayan ng bansa. Ito ay mahalaga sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa komunikasyon, isang aspekto na may malalim na ugnayan sa pagbuo ng pagkakakilanlan at pang-unawa sa ating lipunan.

Gayunpaman, bagamat mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino, may ilang pahayag na nagsasabing hindi nila lubos na nakikita ang direktang koneksyon ng asignaturang ito sa kanilang propesyonal na kinabukasan at sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan. Halimbawa, ang pahayag na, "Ang asignaturang Filipino ay may malaking ginagampanan sa paghahanda sa aking hinaharap," at "Ang asignaturang Filipino ay naglalaman ng mga aral na may kaugnayan sa mga pangunahing isyu at hamon sa aking lipunang ginagalawan," ay kapwa nakakuha ng pinakamababang mean na 3.99. Ayon kay Renegado (2022), mahalaga na ang mga mag-aaral ay madama ang kahalagahan ng Filipino hindi lamang sa pagkatuto ng mga isyung panlipunan kundi pati na rin sa kanilang mga hinaharap na propesyon. Ang kakulangan sa integrasyon ng mga makabuluhang paksa, tulad ng mga hamon ng modernong panahon, ay maaaring maging sanhi ng hindi sapat na koneksyon sa mga personal na karanasan at layunin ng mga mag-aaral. Ito ay isang isyu na kailangang tugunan upang mas mapalapit ang asignatura sa konteksto ng kanilang buhay at hinaharap.

Sa kabuuan, ang kabuuang mean na 4.04 ay nagpapakita na, sa pangkalahatan, positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at nakikita nila ito bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang edukasyon at personal na pag-unlad. Ayon kay Paano and Fuentes (2024), nakikinabang ang mga mag-aaral sa asignaturang ito sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa komunikasyon at ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang kultura at kasaysayan. Gayunpaman, mahalaga pa ring paigtingin ang pagsasama ng mga real-life applications ng Filipino sa mga aralin upang maging mas makulay at kapaki-pakinabang ang kanilang pagkatuto.

Tulad ng binanggit ni Buduan (2023), ang pag-uugali ng mga mag-aaral ay isang mahalagang salik sa pagpapahalaga sa asignaturang Filipino. Ang mga mag-aaral na nagpapakita ng dedikasyon at pagsusumikap sa pagkatuto ng Filipino ay mas malaki ang tsansang magtagumpay sa kanilang mga akademikong layunin. Sa ganitong konteksto, may mahalagang papel ang mga guro sa pagpapalaganap ng makabuluhang konteksto sa pagtuturo ng Filipino upang higit pang mapalalim ang interes ng mga mag-aaral at gawing mas makulay at kapaki-pakinabang ang kanilang karanasan sa pagkatuto.

Sa huli, upang patuloy na mapalawak ang pagpapahalaga at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino, kinakailangan ang patuloy na inobasyon sa pagtuturo, na may kabatiran sa kasaysayan, kultura, at mga kontemporaryong isyu. Sa ganitong paraan, matututuhan ng mga mag-aaral ang tunay na kahalagahan ng asignaturang Filipino sa kanilang pag-unlad bilang mga mamamayang Pilipino.

Talahanayan 7: Antas ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino: Pag-uugali Patungo sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino

Pag-uugali Patungo sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ako ay may mataas na respeto sa asignaturang Filipino.	**4.37**	**0.875**	MATAAS
2.Nakatutok ako nang maayos sa aking pakikinig sa mga aralin sa Filipino.	**4.03**	**0.835**	MATAAS
3. Ako ay may positibong pananaw sa asignaturang Filipino.	**4.17**	**0.863**	MATAAS
4. Sumusunod ako sa mga alituntunin at patakaran sa asignaturang Filipino.	**4.11**	**0.863**	MATAAS
5. Ako ay may malasakit na pagtingin sa pag-aaral ng Filipino at nagbibigay halaga sa mga gawain na may kinalaman dito.	**4.08**	**0.944**	MATAAS
Kabuuan	**4.15**	**0.883**	**MATAAS**

Batay sa mga resulta ng talahanayan, kapansin-pansin na ang pahayag na, "Ako ay may mataas na respeto sa asignaturang Filipino," ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.37. Ipinapakita nito ang matibay na pagpapahalaga at respeto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon sa mga pag-aaral ni Sullera et al. (2020), ang mataas na respeto sa isang asignatura ay nagdudulot ng mas aktibong partisipasyon mula sa mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na posibilidad ng tagumpay sa kanilang pagkatuto. Kapag ang mag-aaral ay may respeto sa asignatura, tumataas ang kanilang motibasyon at interes, kaya't nagiging mas magaan at makulay ang kanilang karanasan sa klase. Ayon kay Buduan (2023), ang respeto sa Filipino ay isang mahalagang bahagi ng pagpapahalaga sa wika at kultura, kaya't itinuturing itong isang pangunahing aspeto ng edukasyong pampanlipunan na nagsisilbing gabay sa mga mag-aaral upang higit pang pagyamanin ang kanilang kasanayan sa komunikasyon.

Samantala, ang pahayag na, "Nakatutok ako nang maayos sa aking pakikinig sa mga aralin sa Filipino," ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.03, bagama't ito ay kabilang pa rin sa mataas na kategorya. Ayon sa isang pag-aaral ni Buduan (2023), ang kakulangan sa konsentrasyon ng mga mag-aaral sa klase ay maaaring magmula sa ilang salik tulad ng kakulangan sa interes, estratehiya sa pagtuturo, at ang mismong nilalaman ng aralin. Kapag nahihirapan ang mga mag-aaral magpokus, madalas itong nagmumula sa hindi sapat na paghahanda ng guro sa mga paksa na may kaugnayan sa kasalukuyang mga isyu ng lipunan at buhay ng mag-aaral. Gayundin, may mga indibidwal na salik, tulad ng motibasyon at learning environment, na nakakaapekto sa konsentrasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon kay Paano and Fuentes et. al (2024), ang mga salik na ito ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng makulay at aktibong paraan ng pagtuturo na nakatuon sa mga interes ng mag-aaral.

Ang kabuuang mean na 4.15 ay nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral patungkol sa kanilang pagkatuto ng Filipino, na may kasamang disiplina, positibong pagtingin, at malasakit sa kanilang pag-aaral ng asignatura. Ayon kay Iqbal et. al (2023), ang positibong pag-uugali ng mga mag-aaral ay isang malaking indikasyon ng mataas na antas ng interes at pagpapahalaga sa asignatura, na nagdudulot ng mas magaan at mas epektibong proseso ng pagkatuto. Ang ganitong disposisyon ng mga mag-aaral ay isang mahalagang aspeto na nagpapatibay sa kanilang pagpapahalaga sa Filipino, kaya't tumutulong ito upang magtagumpay sila sa kanilang akademikong buhay.

Gayunpaman, upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang pag-uugali ng mga mag-aaral, mahalaga na ang mga guro ay gumamit ng mga estratehiya na magpapasigla at magpapa-aktibo sa atensyon ng mga mag-aaral sa klase. Ayon kay Ariaso (2020) may malaking papel ang mga guro sa pagpapalakas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pamamagitan ng mga makabago at interaktibong paraan ng pagtuturo. Ang patuloy na pagpapalakas ng respeto at malasakit sa asignaturang Filipino ay magbibigay ng matibay na pundasyon para sa pagpapalago ng interes at kasanayan ng mga mag-aaral, na isang mahalagang bahagi ng kanilang pang-akademikong pag-unlad.

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa Filipino at ang kanilang mataas na respeto sa asignatura. Gayunpaman, upang mas mapalalim ang kanilang interes at pakikilahok, mahalaga na ang mga guro ay magpatuloy sa pag-aakma ng mga estratehiya na magbibigay halaga at makulay na koneksyon sa mga aralin ng Filipino sa kanilang mga personal na karanasan, pati na rin sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan at sa kanilang hinaharap na propesyon.

Talahanayan 8: kabuuang Antas ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino

Indicator	Mean	SD	Interpretasyon
Kahalagahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino	**4.08**	**0.836**	HIGH

Pananaw sa Kapakinabangan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino	**4.04**	**0.825**	HIGH
Pag-uugali Patungo sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino	**4.15**	**0.883**	HIGH
Kabuuang Baryabol	**4.09**	**0.849**	**HIGH**

Sa kabuuan ng mga indikador, ang "Pag-uugali Patungo sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino" ay may pinakamataas na mean na 4.15, na nagpapakita ng positibong disposisyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng asignaturang ito. Ipinapakita nito na hindi lamang nila kinikilala ang kahalagahan ng Filipino, kundi aktibong nagpapamalas din sila ng partisipasyon, respeto, at disiplina sa kanilang mga klase. Ayon kay Sullera et al. (2020), ang ganitong uri ng positibong pag-uugali ay nagsisilbing indikasyon ng mataas na antas ng motibasyon at interes mula sa mga mag-aaral, isang mahalagang salik na nakakatulong sa mas matagumpay na pagkatuto. Ang mataas na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino, tulad ng ipinakita sa mga resulta, ay nakakatulong sa kanilang pagiging masigasig at mas aktibo sa klase, na nagpapalakas sa kanilang pagnanais na magtagumpay sa akademiko.

Samantala, ang "Pananaw sa Kapakinabangan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino" ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.04. Bagama't ito ay nasa kategoryang "Mataas," may ilang mag-aaral na maaaring hindi pa ganap na nakikita ang praktikal na benepisyo o aplikasyon ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay o sa kanilang hinaharap na karera. Ayon kay Lojente (2024), maaaring sanhi ito ng kakulangan sa integrasyon ng mga kontemporaryong isyu at mga makabagong tema sa mga aralin ng Filipino. Kapag hindi agad nauugnay ang Filipino sa mga personal na karanasan ng mga mag-aaral o sa kanilang mga hinaharap na propesyon, nagiging mahirap para sa kanila makita ang kahalagahan ng asignaturang ito. Gayundin, ayon kay Ariaso (202), ang pagpapalakas ng koneksyon ng Filipino sa mga isyu ng lipunan at personal na buhay ay makakatulong sa pagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral upang magpatuloy sa kanilang pagkatuto ng Filipino.

Ang kabuuang baryabol na mean na 4.09 ay nagpapakita na, sa pangkalahatan, mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon kay Renegado (2022), ang mataas na mean na ito ay nagsasaad ng matibay na pagkilala ng mga mag-aaral sa halaga at kapakinabangan ng Filipino sa kanilang edukasyon. Ang ganitong perspektibo ay nagbubukas ng mga oportunidad para sa mga guro upang higit pang mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaaring magawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabago at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na mag-uugnay ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay at hinaharap na propesyon.

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng patuloy na mahalagang papel ng asignaturang Filipino sa buhay ng mga mag-aaral sa Junior High School. Gayunpaman, tulad ng binanggit nina Ranque, et. al (2024) at Renegado (2022),

mahalaga ring pagtuunan ng pansin ang pagpapalawak ng perspektibo ng mga mag-aaral ukol sa praktikal na gamit ng Filipino—sa akademya, sa lipunan, at sa kanilang propesyonal na hinaharap—upang higit nilang maunawaan ang halaga nito at mapalalim pa ang kanilang interes sa asignatura. Ang patuloy na pagtutok sa mga makabagong paksa at real-life applications ay magsisilbing gabay upang mas mapalawak ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa asignaturang Filipino.

Antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga indibidwal na tagapagpahiwatig para sa baryabol. Pakikilahok at pakikisangkot sa talakayan, Kagustuhan sa asignatura, at Pagganap sa asignatura.

Talahanayan 9: Antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral: Pakikilahok at Pakikisangkot sa Talakayan

Pakikilahok at Pakikisangkot sa Talakayan			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ako ay aktibo sa mga talakayan sa klase ng Filipino.	3.94	0.878	MATAAS
2. Nagbibigay ako ng aking opinyon at ideya sa mga talakayang may kinalaman sa asignaturang Filipino .	3.85	0.979	MATAAS
3. Ako ay handang makipagtulungan sa mga grupo o kapariha sa mga proyektong may kinalaman sa Filipino.	3.97	0.905	MATAAS
4. Sumusunod ako sa mga panuto ng guro sa mga talakayan sa Filipino.	4.16	0.800	MATAAS
5. Ako ay nag-aambag ng kakaibang perspektiba sa mga talakayang may kaugnayan sa asignaturang Filipino.	4.06	0.850	MATAAS
Kabuuan	**4.00**	**0.889**	**MATAAS**

Batay sa Talahanayan 9, makikita na ang pinakamataas na mean ay matatagpuan sa pahayag na "Sumusunod ako sa mga panuto ng guro sa mga talakayan sa Filipino," na may mean na 4.16 at interpretasyong Mataas. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral sa Junior High School ay may mataas na antas ng disiplina at paggalang sa awtoridad ng guro sa loob ng klase. Ang pagsunod sa mga panuto ay isang mahalagang indikasyon ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino, pati na rin ng kanilang pagpapahalaga sa asignatura. Ayon ka De Guzman (2019), ang interes sa pagkatuto ng Filipino ay isang susi sa pagkakaroon ng magandang hangarin na matuto at makilahok nang aktibo sa klase. Ang ganitong uri ng gawi ay hindi lamang nagpapalakas sa kanilang interes sa pagkatuto kundi nagpo-promote din ng isang maayos na daloy ng pagkatuto at aktibong partisipasyon, na ayon kay Holmes (2018), ay mahalaga upang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahayag ng mga ideya sa loob ng silid-aralan.

Samantala, ang pinakamababang mean ay matatagpuan sa pahayag na "Nagbibigay ako ng aking opinyon at ideya sa mga talakayang may kinalaman sa asignaturang Filipino," na may mean na 3.85. Bagama’t ang interpretasyon nito ay nananatiling Mataas, may kaunting pag-aatubili pa rin ang ilang mag-aaral na ilahad ang kanilang mga ideya o opinyon sa mga talakayan. Maaaring makaapekto rito ang kanilang kumpiyansa sa sarili, ang kanilang kahusayan sa wika, o ang takot na magkamali sa harap ng kanilang mga kaklase. Ayon kay Cruz (2018), ang aktibong pakikilahok sa talakayan ay isang mahalagang tanda ng interes ng mag-aaral sa asignatura. Ang bahagyang pagbaba sa aspetong ito ay nagmumungkahi na may pangangailangan para sa mga guro na magpatuloy at paigtingin ang mga estratehiya sa pagtuturo na magpapalakas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral, tulad ng mga open forums at group discussions na maaaring magsilbing ligtas na espasyo para sa pagpapahayag ng mga opinyon. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapalakas ang kanilang interes at kumpiyansa sa kanilang pagkatuto.

Sa pangkalahatan, ang mga resulta ng pag-aaral ay naglalarawan ng mataas na antas ng interes ng mga mag-aaral sa pakikilahok at aktibong pagkatuto ng Filipino, na isang positibong tanda ng kanilang pagnanais na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika at komunikasyon. Gayunpaman, ang pagkakaibang mean sa iba't ibang pahayag ay nagpapahiwatig na, bagamat disiplinado at sumusunod sila sa mga guro, may pangangailangan pa rin para sa higit na pagpapalawak ng kanilang kakayahang magpahayag ng mga personal na ideya. Sa ganitong konteksto, ang papel ng guro ay mahalaga sa paggamit ng mga pamamaraan na magpapalakas sa boses ng bawat mag-aaral. Ayon kay Daza (2021), ang pakikilahok sa talakayan at ang pagpapahayag ng mga ideya ay hindi lamang nagiging daan para maipahayag ang mga pananaw kundi nagsisilbi ring hakbang sa pagpapalawak ng kaalaman.

Sa kabuuan, ang implikasyon ng mga natuklasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng kakayahan ng guro sa pamumuno at sa pagpapalakas ng disiplinang akademiko, na lubos na pinahahalagahan ng mga mag-aaral. Bagama't ito ay isang positibong aspeto, kailangan ding magbigay-pansin ang mga guro sa pagsuporta sa malayang pagpapahayag ng opinyon ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mapapalawak pa ang

kanilang pagkatuto at pagmamahal sa asignaturang Filipino. Ang balanseng atensyon sa pagsunod sa mga panuto at malayang pakikilahok ay mahalaga upang mapatatag ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino, isang pananaw na sinusuportahan ni De Guzman (2019), na nagpapakita ng kahalagahan ng kagustuhang matuto upang magtagumpay sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 10: Antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral: Kagustuhan sa Pagkatuto

Kagustuhan sa Pagkatuto			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ako ay nagtataglay ng kagustuhan na matutunan ang mga aralin sa Filipino.	4.00	0.862	MATAAS
2. Ako ay nahihikayat na maunawaan ang mga paksang tinalakay sa asignaturang Filipino.	3.97	0.816	MATAAS
3. Ako ay nagbibigay ng oras at pagsusumikap sa pag-aaral ng mga aralin sa Filipino.	3.90	0.944	MATAAS
4. Ang asignaturang Filipinoay may kakaibang astraksyonsa akin.	3.85	0.951	MATAAS
5. Ako ay punong-puno ng kasiyahan at kagalakan sa pag-aaral ng Filipino.	3.89	0.935	MATAAS
Kabuuan	**3.92**	**0.903**	**MATAAS**

Batay sa Talahanayan 10, ang pinakamataas na mean ay matatagpuan sa pahayag na "Ako ay nagtataglay ng kagustuhan na matutunan ang mga aralin sa Filipino," na may mean na 4.00 at interpretasyong Mataas. Ipinapahiwatig nito na likas sa mga mag-aaral ng Junior High School ang interes at determinasyon na matuto ng mga aralin sa Filipino. Ang ganitong kagustuhan ay nagpapakita ng positibong pananaw sa kakayahan ng guro na magturo at sa pagpapahalaga ng mag-aaral sa asignatura. Ayon kay De Guzman (2019), ang pagkakaroon ng mataas na kagustuhan na matutunan ang isang asignatura ay isang pangunahing salik sa tagumpay ng mag-aaral sa pagkatuto. Ang ganitong kagustuhan ay hindi lamang nagpapakita ng malalim na ugnayan ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto, kundi ayon kay Holmes (2018), nagsisilbi rin itong isang mahalagang indikasyon ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral, na magpapalakas sa

kanilang kasanayan sa wika. Ang mataas na kagustuhang matuto ay isang pundasyon sa pagkakaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto at sa patuloy na paglinang ng kasanayan sa wika. Ayon kay Mosimege et. al (2021), ang mga modernong estratehiya sa pagtuturo ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa aktibong pakikilahok ng mag-aaral, kaya't ito ay nagsisilbing susi sa pag-unlad ng kanilang kaalaman at interes.

Samantala, ang pahayag na may pinakamababang mean ay "Ang asignaturang Filipino ay may kakaibang atraksyon sa akin," na may mean na 3.85. Bagama't mataas pa rin ang interpretasyon, ipinapakita nito na hindi lahat ng mag-aaral ay nakakaramdam ng malakas na personal na koneksyon o "attraction" sa asignatura. Maaaring tinitingnan ng iba ang Filipino bilang isang pangkaraniwang asignatura lamang, at hindi bilang isang personal na interes o passion. Ayon kay Hachem et. al (2022), ang kakulangan ng emosyonal na koneksyon sa asignatura ay maaaring magdulot ng pagkabigo sa mga mag-aaral na hindi nakakaramdam ng personal na ugnayan sa kanilang pagkatuto. Ipinapakita ng resultang ito na may pangangailangan na gawing mas makatawag-pansin at konektado sa karanasan ng mga mag-aaral ang mga aralin, upang higit nilang maramdaman ang emosyonal na pagkakaugnay sa asignaturang Filipino. Ayon kay Shore (2018), mas magiging epektibo ang mga aralin kapag ang mga ito ay may personal na kaugnayan sa buhay ng mag-aaral, kaya't mahalaga ang paggawa ng mga estratehiya na mas nakaka-engganyo at may direktang koneksyon sa kanilang mga karanasan.

Ang pangkalahatang resulta ay nagpapakita na ang kagustuhan ng mga mag-aaral na matutunan ang Filipino ay mataas, na nagsususstento sa layunin ng pag-aaral na suriin ang kanilang pananaw sa pagtuturo ng guro at sa asignatura bilang salik sa kanilang interes sa pagkatuto. Gayunpaman, ipinapakita rin nito na bagama't may malakas na kagustuhan ang mga mag-aaral na matuto, may pangangailangan pa ring paghusayin ng mga guro ang mga paraan upang gawing mas personal at emosyonal na makabuluhan ang kanilang karanasan sa pag-aaral ng Filipino. Ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo at ang pagsasama ng mga karanasang makakaugnay sa buhay ng mga mag-aaral ay makatutulong sa pagpapataas ng kanilang atraksyon at sigla sa pagkatuto. Ayon kay Rowena (2020), ito ay isang mahalagang hakbang upang patuloy na mapalakas ang interes at dedikasyon ng mga mag-aaral sa asignatura.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng resulta ng Talahanayan 10 na ang mataas na kagustuhan sa pagkatuto ay isang mahalagang palatandaan ng positibong epekto ng mahusay na pagtuturo ng guro at ng kahalagahan ng asignatura sa mata ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pagpapataas ng personal na koneksyon ng mga mag-aaral sa Filipino. Dahil dito, mahalaga na ang pagtuturo ay maging makatawag-pansin, makabago, at may kaugnayan sa kanilang mga karanasan upang mapanatili at mapalalim pa ang kanilang interes at pagmamahal sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ayon kay Shore (2018), ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay isang susi upang mapataas ang atraksyon ng mga mag-aaral sa isang asignatura, kaya't nararapat na patuloy itong isama sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Talahanayan 11: Antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral: Pagganap sa Asignatura

Pagganap sa Asignatura			
Pahayag	***Mean***	***SD***	**Interpretasyon**
1. Ako ay nagtataglay ng mataas na antas ng pagganap sa mga pagsusulit sa asignaturang Filipino	4.01	0.838	MATAAS
2. Ako ay may magandang marka sa mga gawain at proyekto sa Filipino.	3.90	0.822	MATAAS
3. Ako ay nagpapakita ng malalim na pang-unawa sa mga aralin at konsepto sa Filipino.	3.93	0.872	MATAAS
4. Ako ay naglalaan ng sapat na oras at pagsusumikap sa pag-aaral ng Filipino.	3.85	0.887	MATAAS
5. Ako ay may mataas na antas ng partisipasyon sa mga gawainat proyektong may kinalaman sa asignaturang Filipino.	3.88	0.908	MATAAS
Kabuuan	**3.91**	**0.866**	**MATAAS**

Batay sa Talahanayan 11, ang pahayag na "Ako ay nagtataglay ng mataas na antas ng pagganap sa mga pagsusulit sa asignaturang Filipino" ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na 4.01, na may interpretasyong Mataas. Ipinapahiwatig nito na maraming mag-aaral ang nakakamit ng mataas na marka sa mga pagsusulit, na sumasalamin sa kanilang pagkatuto at sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa Filipino. Ayon kay Paano and Fuentes (2024), ang mataas na pagganap sa mga pagsusulit ay karaniwang bunga ng aktibong interes ng mga mag-aaral sa asignatura at ang kanilang pagsisikap na magtagumpay. Ang magagandang resulta sa pagsusulit ay nagpapakita ng sistematikong pagkatuto at ng mataas na antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman, isang pananaw na iniulat ni Hachem et, al (2022), na nagsasabing ang mga mag-aaral na may mataas na interes sa kanilang aralin ay kadalasang nagpapakita ng mas mataas na academic performance.

Sa kabilang banda, ang pahayag na "Ako ay naglalaan ng sapat na oras at pagsusumikap sa pag-aaral ng Filipino" ang may pinakamababang mean na 3.85, bagama't ang interpretasyon nito ay nananatiling Mataas. Ipinapakita ng resultang ito na, bagamat mataas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit, may mga pagkakataon na hindi nila lubos na naibibigay ang sapat na oras at pagsusumikap sa pag-aaral ng Filipino. Ayon kay Alyami et al (2021), ang pagbibigay ng oras at pagsusumikap sa isang asignatura ay kritikal sa tagumpay ng mag-aaral, ngunit maaaring may mga hadlang tulad ng iba pang asignatura o extracurricular activities na nagiging dahilan ng kakulangan sa oras para sa Filipino. Maaaring ito rin ay bunga ng paniniwala ng mga mag-aaral na kaya nilang makamit ang mataas na marka sa kabila ng minimal na preparasyon, isang pananaw na tinukoy ni Daza (2021) bilang bahagi ng cognitive dissonance, na nagpapakita ng hindi pagkakatugma sa pagitan ng inaasahang effort at aktwal na effort ng mga mag-aaral.

Ang pangkalahatang mataas na mean sa antas ng pagganap ay nagpapahiwatig ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa Filipino at sa kakayahan ng kanilang guro na humubog ng kaalaman at kasanayan. Gayunpaman, ito rin ay nagpapakita ng mahalagang oportunidad para sa mga guro na higit pang palalimin ang dedikasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignatura. Ayon kay Abulhul (2021), ang paggamit ng mas makulay at makabago na mga aktibidad sa pagtuturo ay may positibong epekto sa pagpapalakas ng dedikasyon ng mag-aaral sa isang asignatura. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas makabuluhang at aplikableng aktibidad, maaaring mahikayat ang mga mag-aaral na hindi lamang magtuon ng pansin sa pagsusulit kundi yakapin din ang proseso ng pagkatuto bilang bahagi ng kanilang personal at akademikong pag-unlad. Ayon kay Pratton and Hales (2015), ang mas aktibong pakikilahok at interes ay nagreresulta sa mas mataas na kalidad ng pagkatuto at mas magagandang resulta sa mga pagsusulit.

Talahanayan 12: Kabuuang Antas ng interes sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral

Indicator	*Mean*	*SD*	*Interpretasyon*
Pakikilahok at Pakikisangkot sa Talakayan	4.00	0.889	HIGH
Kagustuhan sa Pagkatuto	3.92	0.903	HIGH
Pagganap sa Asignatura	3.91	0.866	HIGH
Kabuuang Baryabol	**3.94**	**0.887**	**HIGH**

Batay sa Talahanayan 12, makikita na ang pinakamataas na mean na 4.00 ay nasa "Pakikilahok at Pakikisangkot sa Talakayan," na may interpretasyong *Mataas*. Ipinapakita nito ang mataas na antas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa

pagkatuto ng Filipino, na makikita sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga talakayan sa klase. Ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay may direktang kaugnayan sa teorya ng Pedagogical Content Knowledge (PCK). Ayon kay Shulman (1987), ang kaalaman ng guro sa pedagogical na aspeto ng pagtuturo ay tumutulong upang mapalakas ang partisipasyon ng mag-aaral sa klase. Kapag ipinakita ng guro ang mga estratehiya na nagiging sanhi ng mas aktibong partisipasyon, nagsisilbing indikasyon ito ng epektibong pagtuturo at pagpapahayag ng kaalaman. Ang aktibong pakikilahok ay hindi lamang isang pagpapakita ng interes kundi isang susi sa pagpapalawak ng kasanayan at kumpiyansa sa komunikasyon—isang layunin na mahalaga sa pagtuturo ng Filipino. Ayon kay Marquez (2023), ang aktibong partisipasyon ay nagpapataas ng engagement ng mag-aaral, kaya naman ang mataas na mean na ito ay nagpapakita ng isang positibong trend sa klase.

Samantala, ang "Pagganap sa Asignatura" ay may mean na 3.91, na may interpretasyong *Mataas*, ngunit ito ay nagpapakita ng bahagyang kakulangan sa aktwal na pagganap sa mga gawain. Ayon kay Alyami, et. al (2021), ang hindi sapat na oras at ang iba't ibang akademikong responsibilidad sa iba pang asignatura ay maaaring magdulot ng kakulangan ng oras at pagsusumikap sa Filipino. Ang ganitong kakulangan sa oras ay maaaring magresulta sa pagbaba ng antas ng pagganap, kahit na mataas ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Ayon kay Kika et. al (2024), ang limitadong pagkakataon upang ipamalas ang natutunan sa mga proyekto at pagsusulit ay maaaring magdulot ng hindi kumpletong pagganap, na may kaugnayan sa Expectancy-Value Theory (EVT). Ayon kay Wigfield and Eccles (2000), ang motibasyon ng mag-aaral ay nakabatay sa kanilang paniniwala sa kanilang kakayahan at sa halaga ng isang gawain. Kung nararamdaman ng mag-aaral na ang oras at pagkakataon upang maipakita ang kanilang kaalaman ay limitado, maaaring magdulot ito ng pagbaba ng kanilang motibasyon at pagganap, sa kabila ng kanilang interes sa asignatura.

Sa kabuuan, ang mean na 3.94 ay nagpapakita ng mataas na antas ng interes sa Filipino ng mga mag-aaral. Ayon kay Vacalares, et. al (2024), ang paggamit ng iba't ibang metodolohiya tulad ng collaborative learning at group discussions ay nakakatulong sa pagpapalalim ng interes at motibasyon ng mag-aaral. Ang teoryang PCK ay makikita sa konteksto na ito, dahil ang mga guro na gumagamit ng angkop na pedagogical strategies ay nagiging dahilan ng mataas na engagement at interes ng mag-aaral. Ayon kay Siregar, et. al (2023), tumataas ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa isang asignatura kapag ang guro ay nagpapakita ng epektibong pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas madali para sa mag-aaral na makita ang kahalagahan ng asignaturang Filipino sa kanilang personal at akademikong buhay.

Bilang mga implikasyon, mahalagang patuloy na palakasin ng mga guro ang estratehiya ng aktibong partisipasyon at pagbibigay ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Mahalaga rin na palawakin ang mga pamamaraan ng pagtataya, tulad ng iminungkahing alternatibong pagtataya gaya ng portfolio assessment at peer evaluation (Kaur et, al, 2018), upang mas maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang buong pagkatuto. Ang ganitong mga pamamaraan ay maaaring magtaguyod ng mas mataas na antas ng motibasyon at pagpapahalaga sa Filipino, na may kaugnayan sa Expectancy-

Value Theory, kung saan ang halaga at pag-asa ng mag-aaral sa kanilang pagganap ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kabuuang kakayahan sa asignatura.

Pagsusuri ng Ugnayan ng mga Variable

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta sa *correlations analysis* sa pagitan ng mga baryabol. Ipinapakita rito ang pagtukoy sa sukat ng lakas at direksyon ng ugnayan sa pagitan ng Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at sa pagitan ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

Talahanayan 13: Correlations Analysis sa pagitan ng Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

	Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.	Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro
Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.	**1**	**.468**
Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro	**.468**	**1**

Batay sa Talahanayan 13, makikita ang positibong ugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng kanilang guro at ang kanilang interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino (r = .468). Ipinapakita ng resulta na habang mas positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa husay ng kanilang guro sa pagtuturo, mas mataas din ang kanilang interes sa pagkatuto ng Filipino. Suportado ng teorya ng Pedagogical Content Knowledge (PCK) ni Shulman (1987) ang ideyang ito, na nagsasabing ang isang guro ay hindi lamang kailangang magtaglay ng kaalaman sa isang tiyak na paksa kundi kailangan din niyang magkaroon ng mga pedagogikal na estratehiya upang magtagumpay sa pagtuturo ng naturang paksa. Sa kontekstong ito, habang mas magaling ang guro sa pagtuturo ng Filipino at mas nababagay ang kanyang mga pamamaraan sa pangangailangan ng mga mag-aaral, tumataas din ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang ito. Ang moderate positive correlation na r = .468 ay nagpapakita na ang kakayahan ng guro ay may makabuluhang epekto sa interes ng mag-

aaral, ngunit hindi ito nangangahulugang ito lamang ang tanging salik sa pagpapataas ng motibasyon ng mag-aaral.

Gayundin, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang positibong karanasan sa guro ay mahalaga sa pagpapataas ng interes ng mag-aaral. Ayon kay Tang and Hu (2022), ang isang positibong karanasan sa guro ay nagiging sanhi ng mas mataas na motibasyon at interes ng mag-aaral sa isang paksa. Sa kontekstong ito, ang guro na may malalim na Pedagogical Content Knowledge ay may kakayahang magbigay ng makulay at makatutulong na karanasan sa mga mag-aaral, kaya't mas nagiging interesado ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon kay Kaur et. al (2018), ang paggamit ng mga estratehiya na akma sa pangangailangan ng mag-aaral ay isang paraan upang mapataas ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang mataas na pagpapahalaga ng mag-aaral sa kanilang guro ay may kaugnayan sa kanilang motibasyon at interes, na isang direktang epekto ng kakayahan ng guro sa pagtuturo.

Subalit, itinatampok ng mga resulta na may moderateng korelasyon, hindi rin maaaring isantabi ang iba pang salik na nakaaapekto sa interes ng mag-aaral sa Filipino. Ayon kay Cheung (2018), ang interes ng mag-aaral ay hindi lamang nakadepende sa kakayahan ng guro kundi pati na rin sa mga external na salik tulad ng kahalagahan ng materyales, angkop na teknolohiya, at ang personal na koneksyon ng mag-aaral sa paksa. Ang Expectancy-Value Theory (EVT) maaaring magbigay linaw sa aspetong ito. Ayon sa EVT, ang motibasyon ng mag-aaral ay nakasalalay sa kanilang paniniwala sa kanilang kakayahan (pag-asa) at sa halaga ng gawain o paksa para sa kanila (Wigfield at Gladstone, 2019). Kung ang isang mag-aaral ay naniniwala na makikinabang siya mula sa asignaturang Filipino at kung nakakaramdam siya ng tagumpay sa mga gawain, tataas ang kanilang motibasyon at interes sa paksa.

Ayon kay Ryan at Deci (2000), may malaking impluwensya ang guro sa pagpapalakas ng intrinsic motivation ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga challenging at meaningful na aktibidad. Ang kakayahan ng guro na magdisenyo ng mga aktibidad na naaayon sa pangangailangan at kakayahan ng mag-aaral ay makakatulong sa pagbuo ng positibong pananaw at mas mataas na antas ng interes sa asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan, nakakatulong ang guro na mapalakas ang intrinsic motivation ng mag-aaral, na isang mahalagang aspeto sa Expectancy-Value Theory.

Sa kabuuan, ang implikasyon ng mga resultang ito ay malinaw: ang pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay makatutulong sa pagtaas ng interes ng mga mag-aaral sa asignatura. Bilang bahagi ng Pedagogical Content Knowledge, mahalaga na magpatuloy ang mga pagsasanay at mentoring programs upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Gayundin, ang guro ay dapat magsilbing inspirasyon sa mga mag-aaral upang higit nilang pahalagahan at mahalin ang kanilang wika at kultura, na magiging susi sa pagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral.

Sa panghuli, bagamat moderate lamang ang antas ng ugnayan, hindi matatawaran ang epekto ng kakayahan ng guro sa pagtuturo sa paghubog ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon sa parehong teorya ng PCK at EVT, may mahalagang papel ang mga guro sa pagpapataas ng interes at motibasyon ng mag-aaral. Sa mga programang pang-akademiko para sa Junior High School, mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagpapalawak ng mga kasanayan ng guro sa pagtuturo ng Filipino upang mapataas ang motibasyon at pagkatuto ng mga kabataan sa asignaturang ito.

Talahanayan 14: Correlations Analysis sa pagitan ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

	Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.	**Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral**
Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.	**1**	**.739**
Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral	**.739**	**1**

Batay sa Talahanayan 14, may malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura, na may correlation coefficient na r = 0.739. Ipinapakita nito na habang tumataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino, kasabay rin nito ang pagtaas ng kanilang interes sa pagkatuto. Ang ugnayang ito ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng Expectancy-Value Theory nina Eccles at Wigfield (2002), na nagsasaad na ang interes at motibasyon ng isang mag-aaral ay nakabatay sa inaasahan nilang magiging tagumpay (expectancy) at sa kahalagahang ibinibigay nila sa gawain (value). Samantala, ayon sa Self-Determination Theory nina Deci at Ryan (2000), ang intrinsic motivation ay tumataas kapag ang gawain ay makabuluhan at personal na mahalaga sa mag-aaral—katulad ng koneksyon nila sa wikang Filipino.

Ayon kina Somaye, et. al (2017) ang pagpapahalaga sa isang asignatura ay humahantong sa mas aktibong partisipasyon sa klase, dahil nakikita ng mag-aaral ang kaugnayan nito sa kanilang personal na layunin. Pinatutunayan ito ng mga natuklasan nina Sullera et al. (2020), na nagsabing ang malalim na pagpapahalaga sa Filipino ay may positibong epekto sa akademikong pagganap. Binigyang-diin din ni Renegado (2022) na ang Filipino ay hindi lamang isang asignatura kundi isang kasangkapan sa

pagkilala sa kultura, lahi, at pinagmulan. Dahil dito, mas lumalalim ang emosyonal na koneksyon ng mga mag-aaral sa asignatura, na siyang nagpapataas sa kanilang interes at motibasyon sa pagkatuto.

Ayon kay Ranque et. al (2024), ang Filipino ay nakatutulong sa paghubog ng matibay na pagkakakilanlan bilang Pilipino at nagbibigay rin ng kasanayang kapaki-pakinabang sa global na konteksto gaya ng komunikasyon at interkultural na pag-unawa. Ipinapakita nito na ang pagpapahalaga sa Filipino ay may praktikal na aplikasyon, na nagiging dahilan upang paglaanan ito ng mas malalim na interes. Ayon naman kay Paano and Fuentes (2024), ang positibong disposisyon sa asignaturang Filipino ay may direktang impluwensiya sa interes sa pagkatuto, at sinusuportahan ito ni Fajardo et. al (2024) sa pahayag na kahit ang simpleng pagbabasa ng mga akdang Filipino ay indikasyon ng pagpapahalaga na humahantong sa mas mataas na interes.

Ang mataas na correlation coefficient na r = 0.739 ay malinaw na patunay na ang positibong pananaw at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may direktang epekto sa kanilang interes sa pagkatuto. Ayon sa Expectancy-Value Theory, kung naniniwala ang mag-aaral na mahalaga ang isang paksa at inaasahan nilang makikinabang sila rito, mas malaki ang tsansa na sila ay maging masigla at masigasig sa pag-aaral. Ang ganitong ugnayan ay nagpapakita ng kahalagahan ng emosyonal at kognitibong aspeto ng pagkatuto, at nagbibigay-diin sa papel ng mga guro sa pagsuporta sa mga salik na ito.

Bilang implikasyon, mahalaga para sa mga guro na gumamit ng mga estratehiya at aktibidad na nagpapalalim sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Filipino. Maaaring isama rito ang mga araling may kaugnayan sa kanilang personal na karanasan, mga proyektong nagpapakita ng koneksyon sa kultura at identidad, at mga diskusyong nagpapatingkad sa halaga ng wika sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga ito, mapapalago ang interes at intrinsic motivation ng mga mag-aaral, na magreresulta sa mas makabuluhang pagkatuto, mas aktibong partisipasyon, at mas matibay na pagmamahal sa wikang Filipino at sa sariling kultura.

Pagsusuri ng Regressyon sa Pagitan ng mga Variable

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta sa *Regression* sa pagitan ng mga baryabol. Ipinapakita rito ang pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at sa pagitan ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

Talahanayan 15: Regression Analysis sa pagitan ng Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

Baryabol	*B*	*Std. Coefficient*	*Std. Error*	*T*	*P Value*	*Alpha Value*	Interpretasyon	Desisyon
Pananaw sa Kakayahan ng pagtuturo ng guro	.519	.468	.066	7.868	.000	0.05	*Significant*	*Reject the null hypothesis*
Constant	1.815		.273	6.642	.000			
R	.468	***Moderate Positive Correlations***						
R Square	.219							
Adjusted R Square	.215							

Ang kakayahan sa pagtuturo ng guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon kay Hafeez (2021) ang kahusayan sa pagtuturo—kabilang ang kahandaan, mabisang estratehiya, at malinaw na pagpapaliwanag—ay nakatutulong sa pag-unlad ng pag-iisip at pagkagusto ng mga mag-aaral sa asignatura. Pinatotohanan ito ni Pido et al. (2023), na nagsabing ang sapat na kakayahan sa pagtuturo ay mahalaga upang maging epektibo ang guro sa pagpapalaganap ng kaalaman. Kapag mahusay ang guro, mas nagiging aktibo at masigasig ang mga mag-aaral, gaya ng tinukoy ni Buduan (2023), na nag-uugnay ng interes sa Filipino sa pagpapahalaga sa sariling wika. Dagdag pa ni Hasanati at Purwaningsih (2021), ang interaktibong pagkatuto sa pamamagitan ng masayang talakayan ay lumilikha ng bukas na isipan sa mga mag-aaral.

Mas nauunawaan ang ugnayang ito sa konteksto ng Expectancy-Value Theory nina Eccles at Wigfield (2002), na nagpapaliwanag na ang interes ng mag-aaral ay nakabatay sa paniniwala sa sariling kakayahan at sa halagang nakikita nila sa isang gawain. Kapag mahusay ang guro sa pagtuturo, nadaragdagan ang kumpiyansa ng mag-aaral sa kanilang sarili at mas naiintindihan nila ang kabuluhan ng aralin. Kaugnay nito, ayon sa Self-Determination Theory nina Deci at Ryan (2000), ang intrinsic motivation ay napalalakas kapag natutugunan ang mga psychological needs tulad ng competence, relatedness, at autonomy. Kapag natutugunan ang mga ito ng guro sa kanyang paraan ng pagtuturo, lalong lumalalim ang interes ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay sa Talahanayan 15, ipinakita sa regression analysis na may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng guro at kanilang interes sa Filipino, na may B value na 0.519 at p-value na 0.000. Ang R-value na 0.468 ay nagpapakita ng moderate positive correlation, habang ang R square na 0.219 ay nagpapahiwatig na 21.9% ng pagbabago sa interes ay maipapaliwanag ng kakayahan

ng guro. Ang Adjusted R Square na 0.215 ay bahagyang mas mababa, ngunit patuloy pa ring nagpapakita ng kaugnayan.

Bukod sa estadistikang datos, ipinakita rin sa mga pag-aaral nina Ismail et. al (2019) at Nortvig et. al (2018) na ang aktibong partisipasyon sa klasrum ay nagpapataas ng antas ng pagkatuto, at ito ay direktang kaugnay ng kakayahan ng guro na lumikha ng makabuluhang interaksyon. Gayundin, binigyang-diin nina Aneke (2022) at Hotifah et. al (2020) na ang kagustuhang matuto ay nag-uugat sa positibong kapaligiran sa pagkatuto, na nabubuo sa mahusay na pagtuturo. Sa pananaw ng SDT, ang ganitong kagustuhan ay resulta ng natutugunang psychological needs ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos at teoryang ito na ang kahusayan sa pagtuturo ng guro ay may direktang epekto sa interes at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon kina Hafeez (2021) at Pido et. al (2023), ang patuloy na pagpapaunlad sa kasanayan ng guro ay susi sa pagtaas ng motibasyon, partisipasyon, at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Kaya't mahalaga para sa mga guro na gamitin ang kanilang kakayahan sa paglikha ng makabuluhan, interaktibo, at motibasyon-likas na kapaligiran sa pagkatuto upang higit pang mahikayat ang mga kabataan na pahalagahan at pagyamanin ang wikang Filipino.

Talahanayan 16: Regression Analysis sa pagitan ng Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral at Interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral.

Baryabol	*B*	*Std. Coefficient*	*Std. Error*	*T*	*P Value*	*Alpha Value*	Interpretasyon	Desisyon
Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral	.810	.739	.050	16.328	.002	0.05	*Significant*	*Reject the null hypothesis*
Constant	.634		.205	3.100	.000			
R	.739	**High Positive Correlations**						
R Square	.547							
Adjusted R Square	.545							

Batay sa Talahanayan 16, ipinakita ng regression analysis na may mataas na antas ng positibong ugnayan sa pagitan ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang R-value na .739 ay nagpapakita ng high positive correlation, habang ang R Square na .547 ay nagpapahiwatig na 54.7% ng pagbabago sa interes ay maipapaliwanag ng

pagpapahalaga sa asignatura. Ang p-value na .002, na mas mababa sa .05, ay nagpapakita ng statistically significant na ugnayan. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis at pinatutunayan na may makabuluhang epekto ang pagpapahalaga sa Filipino sa interes sa pagkatuto. Ang B value na .810 ay nagpapakita ng malakas na positibong epekto — bawat pagtaas ng isang yunit sa pagpapahalaga ay may kaukulang pagtaas sa interes.

Ang mga natuklasang ito ay higit na nauunawaan sa konteksto ng Expectancy-Value Theory nina Eccles at Wigfield (2002), na nagsasaad na ang interes ng mag-aaral ay nakasalalay sa kanilang paniniwala sa kakayahang magtagumpay (expectancy) at sa halagang ibinibigay nila sa isang gawain (value). Kapag pinahahalagahan ng mag-aaral ang Filipino bilang bahagi ng kanyang kultura at pagkatao, tumataas ang kanyang motibasyon at interes na matuto. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Sullera et al. (2020) na nagsabing ang pagpapahalaga sa asignatura ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Lojente (2024) na ang Filipino ay higit pa sa isang asignatura—ito ay salamin ng pambansang pagkakakilanlan. Sa EVT, ito ay tumutukoy sa attainment value, kung saan ang pag-aaral ng Filipino ay tumutugma sa personal na layunin at identidad ng mag-aaral. Kapag nararamdaman ng kabataan ang koneksyon ng asignatura sa kanilang pagka-Pilipino, mas lumalalim ang kanilang motibasyon. Pinatotohanan din nina De Guzman (2019) at Hasanati at Purwaningsih (2021) ang bisa ng utility value, kung saan ang interes ay tumitibay kapag nakikita ng mag-aaral ang gamit ng Filipino sa tunay na buhay—komunikasyon, pakikipag-ugnayan, at kultura.

Ayon naman kina Jabor Al-Muslimawi et. al (2019) at Hotifah et. al (2020), ang intrinsic value ay lumalabas kapag may emosyonal na koneksyon ang mag-aaral sa aralin. Kung may damdaming konektado sa wika at asignaturang Filipino, mas mataas ang kagustuhang matuto, pakikilahok, at dedikasyon sa mga akademikong gawain. Sa ganitong paraan, ang pagpapahalaga ay hindi lamang nagmumula sa labas (external motivation) kundi mula rin sa kalooban ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ang datos at mga teoryang ito ay nagpapakita na ang pagpapahalaga sa Filipino ay mahalagang salik sa pagtaas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Mahalaga itong isaalang-alang sa paggawa ng mga kurikulum, estratehiya sa pagtuturo, at mga programang pang-edukasyon. Sa pamamagitan nito, mapapalalim hindi lamang ang akademikong tagumpay kundi pati na rin ang makabayang kamalayan at pambansang identidad ng mga kabataan.

Conclusions

Ipinapakita ng pag-aaral na may malaking epekto ang pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng kanilang mga guro sa pagtuturo at sa pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa kanilang interes sa pagkatuto ng Filipino. Ang interes ng mga mag-aaral ay nakadepende sa mga salik tulad ng kalidad ng pagtuturo at pagpapahalaga sa asignatura, kung saan ang positibong ugnayan ng mga baryabol na ito ay nagpapakita

na ang pagpapabuti sa mga aspetong ito ay magdudulot ng mas mataas na interes at motibasyon sa pagkatuto. Pinagtibay din ng resulta ng pag-aaral ang pagtanggap sa alternative hypothesis at pagtanggi sa null hypothesis, sapagkat napatunayan na ang pananaw sa kakayahan ng guro at pagpapahalaga sa Filipino ay may makabuluhang impluwensya sa interes sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa junior high school. Makikita rin na ang kalidad ng pagtuturo ng guro ay mahalagang salik sa motibasyon at tagumpay ng mga mag-aaral.

Recommendations

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, buong pagpakumbabang inirerekomenda ng mga mananaliksik sa mga kinauukulang indibidwal, pangkat, tanggapan, o institusyon ang mga sumusunod na hakbang: Para sa mga guro at pamunuan ng paaralan, maglaan ng mga aktibidad at programa na nakasentro sa kahalagahan ng asignaturang Filipino upang mahikayat ang mga mag-aaral. Inirerekomenda rin ang regular na enhancement programs, gaya ng quarterly workshops at mentorship sessions, para sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga guro. Para sa mga mag-aaral, hikayatin silang tangkilikin ang Filipino at suportahan ang mga literaturang Pilipino. Para sa mga magulang, iminumungkahi ang pagpapakilala sa mga literaturang Pilipino sa mga anak upang mas maunawaan nila ang kahalagahan ng asignatura. Sa lipunan at pamahalaan, ipinapayo ang paglaan ng pondo at pagbuo ng mga kautusan upang mapalawak ang pagtutok sa Filipino. Ang mga rekomendasyong ito ay magsisilbing gabay para sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino

Compliance with Ethical Standards

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang pananaw ng mga mag-aaral sa kakayahan ng pagtuturo ng guro at ang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino bilang pagtukoy sa interes sa pagkatuto ng Filipino. Ginamit ng mananaliksik ang Simple Random Sampling at ang mga mag-aaral sa Junior High School na may edad 14-16 bilang mga respondente. Ang mga pamamaraan ng pagkuha ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng face-to-face na pamamahagi ng mga form tulad ng assent, parental consent, at informed consent, at ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga menor de edad ay binigyan ng pahintulot. Tiniyak ng mananaliksik ang aninaw at etikal na pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng pagbibigay ng access sa mga tagapayo at statistician, pati na rin ang pag-iwas sa hidwaan ng interes. Ang pananaliksik ay isinagawa nang may respeto sa lokal na kultura at mga kasanayan.

REFERENCES

Abulhul, Z. (2021). Teaching Strategies for Enhancing Student's Learning. Journal of Practical Studies in Education, 2(3), 1-4 DOI: https://doi.org/10.46809/jpse.v2i3.22

Alyami, Adham & Abdulwahed, Abdulrahman & Azhar, Abdulrahman & Binsaddik, Abdullah & Bafaraj, Saeed. (2021). Impact of Time-Management on the Student's Academic Performance: A Cross-Sectional Study. Creative Education. 12. 471-485. 10.4236/ce.2021.123033.

Amaliah, Ayu & Clorion, Frez & Pasaribu, Gumarpi. (2024). Importance of Mastering Teacher Pedagogical Competence in Improving the Quality of Education. PEBSAS: Jurnal Pendidikan Bahasa dan Sastra. 2. 29-37. 10.61721/pebsas.v2i1.346.

Aneke J (2022). Influence of Learning Environment on the Academic Performance of Secondary School Students in Makurdi Metropolis. ScienceOpen Preprints. 2022. DOI: 10.14293/S2199-1006.1.SOR-.PPFNKIF.v1

Ariaso, R. (2020). Factors of learning in Filipino and students' performance of secondary education in eastern Visayas Philippines. Palarch's Journal of Archaeology of Egypt/Egyptology, 17(6). https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/download/2243/2210

Asyaari, Asyaari. (2023). The Students Interest Related with Teacher Strategy: English. JOEY: Journal of English Ibrahimy. 2. 13-18. 10.35316/joey.2023.v2i2.13-18.

Bevans, R. (2020). Understanding P-values Definition and Examples. Retrieved from https://www.scribbr.com/statistics/p-value/

Bhandari, P. (2021, July 7) An Introduction to Correlational Research. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/correlational-research

Buduan, Ashley Joy & Falcasantos, Andrey James & Dohiling, Ina & Hamis, Atieraadzri & Diacor, Wilmer & Arquiza, Charmagne & Manalo, Marianeaizel. (2023). Exploring the Factors that Influence the Students' Learning in the Filipino Subject: Basis for Creating of Children's Communication Primer. International Journal of Early Childhood Education. 15. 234-243. 10.48047/INTJECSE/V15I5.29.

Charles, Kidega & Song, Prof & Khaing, Thet. (2023). Factors Affecting the Implementation of Competency-Based Curriculum in Secondary Schools in Uganda: A Systematic Literature Review. 84-102. 10.5281/zenodo.10058421.

Chen, Zhenglin. (2024). The Effect of Learning Interests on Academic Performance of Secondary School Student. Transactions on Social Science, Education and Humanities Research. 11. 95-100. 10.62051/849egs76.

Cheung, D. (2018). The key factors affecting students' individual interest in school science lessons. https://eric.ed.gov/?id=EJ1164299

Cooper, J. J., & Ozansoy, K. (2022). The Impacts of Strategies in Teaching on Students' Performance in School. Near East University Online Journal of Education, 5(2), 12–18. https://doi.org/10.32955/neuje.v5i2.631

Cruz, J. D. (2018). Mga Epekto Sa Pakikilahok sa Klase ng mga Manggagawang Mag-aaral Habang Naghahanap-Buhay. Retrieved from: https://www.academia.edu/36166813/Mga_Epekto_Sa_Pakikilahok_sa_Klase_ng_mga_Manggagawang_Mag_aaral_Habang_Naghahanap_Buhay

Daza, V. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_sa_Asignaturang_Filipino_Tugon_sa_Makabagong_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya/citation/download

De Guzman, L. O. (2019). Interest and Apprehension to Learn Oral Filipino Language among Selected Foreign Students. Deleted Journal, 9(3). https://doi.org/10.30845/ijhss.v9n3p15

Demir, K. & Akman Karabeyoglu, Y. (2015). Factors associated with absenteeism in high schools. Eurasian Journal of Educational Research, 62, 37-56 http://dx.doi.org/10.14689/ejer.2016.62.4

De Guzman, Jamie A. at Abagon, Baby S. (2021). Kakayahan Ng Mga Guro Sa Pagtuturo At Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Ng Senior High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). Retrieved from: https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

Eccles, Jacquelynne & Wigfield, Allan. (2020). From expectancy-value theory to situated expectancy-value theory: A developmental, social cognitive, and sociocultural perspective on motivation. Contemporary Educational Psychology. 61. 101859. 10.1016/j.cedpsych.2020.101859.

Fajardo, Riena & Chato, Mary & Pabas, Hanna & Langres, Cresha & Sumania, Felix & Mendoza, Rigel & Gaddi, Jojames Arnaldo. (2024). Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang. International Journal of Research. 11. 173-184. 10.5281/ZENODO.13123536.

Felonia, Melchor. (2021). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya/citation/downloadn.

Firda, Syuknia & Khairat, Annisaul. (2023). The Impact of Teacher Skills' on Students' Interest and Learning Outcomes. International Journal of Education, Management, and Technology. 1. 1-10. 10.58578/ijemt.v1i1.1881.

Filgona, Jacob & John, Sakiyo & Gwany, D. (2020). TEACHERS' PEDAGOGICAL CONTENT KNOWLEDGE AND STUDENTS' ACADEMIC ACHIEVEMENT: A THEORETICAL OVERVIEW. 14. 14-44.

Gesta, Lorenz & Bacalla,, Jake & Diago, Felicity & Libate, Meralona & Libate, Junabeth & Podadera, Angel & Mosende, Jhun & Gaddi, Jojames Arnaldo. (2024). LAWAK NG PAGPAPAHALAGA SA ASIGNATURANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA AGHAM, TEKNOLOHIYA, INHENYERIYA, AT MATEMATIKA. 2. 1853-1864. 10.5281/zenodo.11234760.

Gloria, Aldrine. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya/citation/download

Hachem, Maryam & Gorgun, Guher & Chu, Man-Wai & Bulut, Okan. (2022). Social and Emotional Variables as Predictors of Students' Perceived Cognitive Competence and Academic Performance. Canadian Journal of School Psychology. 37. 1-23. 10.1177/08295735221118474.

Hafeez, M. (2021). Impact of Teacher's Training on Interest and Academic Achievements of Students by Multiple Teaching Methods. Pedagogical Research, 6(3), em0102. https://doi.org/10.29333/pr/11088

Hasanodin, H., Arazo, V., (2024). Competencies and Performance of Teachers in Balo-I District. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 20(4), 483-493. https://doi.org/10.5281/zenodo.11408002

Hasanati, Alvi & Purwaningsih, Endang. (2021). Influence of Interest In Learning and How to Learn on Understanding Concepts: Work and Energy Cases. Jurnal Pendidikan Sains Indonesia. 9(2). 305-316. 10.24815/jpsi.v9i2.19203.

Hermoso , Joselito R., and Martina A. Brobo. 2023. "Influence of Teaching Competencies to Performance: Basis for Professional Development". Asian Journal of Education and Social Studies 44 (4):33-46. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v44i4969.

Holmes, Andrew. (2018). The Role of Interest and Enjoyment in Determining Students' Approach to Learning. Educational Process: International Journal. 7. 140-150. 10.22521/edupij.2018.72.4.

Hotifah, Yuliati & Suryanto, & Hamidah, & Yoenanto, Nono. (2020). Determinant Factors of Willingness to Learn: Systematic Literature Review. 10.2991/assehr.k.201214.322.

Iqbal, Muhammad & Farida, Linda & Win, Khin. (2023). THE INFLUENCE OF STUDENT ATTITUDES ON LEARNING ACHIEVEMENT. Jurnal Ilmiah Ilmu Terapan Universitas Jambi. 7. 92-98. 10.22437/jiituj.v7i2.26697.

Irianto, Tenri & Timang, Nelsy. (2024). Boosting Elementary Students' Learning Interest: The Impact of The Question-And-Answer Method. 1. 94-110. 10.58989/appling.v1i2.18

Ismail, Mohd Erfy & Hashim, Shahrul & Hamzah, Norhasyimah & Samad, Noorazman & Masran, Saiful Hadi & mat daud, khairul azhar & Amin, Nor & Samsudin, Mohd & Kamarudin, Nurzatulshima. (2019). Factors that influence students' learning: An observation on vocational college students. Journal of Technical Education and Training. 11. 93-99. 10.30880/jtet.2019.11.01.12.

Jabor Al-Muslimawi, Ihssan & Hamid, Azhar. (2019). External and Internal Factors Affecting Student's Academic Performance. The Social Sciences. 14. 155-168. 10.36478/sscience.2019.155.168.

Kamamia, L. N., Ngugi, N. T., & Thinguri, R. W. (2014). To establish the extent to which the subject mastery enhances quality teaching to student-teachers during teaching practice. International Journal of Education and Research, 2(7), 641-648. Retrieved from https://ijern.com/journal/July-2014/51.pdf

Kaur, Amrita & Mohammad, Noman & AWANG-HASHIM, ROSNA. (2018). Exploring and evaluating differentiated assessment practices of in-service teachers for components of differentiation. Teaching Education. 30. 1-17. 10.1080/10476210.2018.1455084.

Katz, Idit & Shahar, Bat-hen. (2015). What makes a motivating teacher? Teachers' motivation and beliefs as predictors of their autonomy-supportive style. School Psychology International. 36. 575-588. 10.1177/0143034315609969.

Kelly, Megan & Yeigh, Tony & Hudson, Suzanne. (2020). The Teachers' Role in Student Engagement: A Review. Australian Journal of Teacher Education. 45. 48. DOI: 10.14221/ajte.2020v45n3.4.

Kika, Viyan Mekha & Aso, Kodo & Jalal, Raz & Fareed, Mohammed. (2024). The Effects of Time Management on Students' Academic Achievement. 38. Retrieved https://www.researchgate.net/publication/380178534_The_Effects_of_Time_Management_on_Students'_Academic_Achievement/citation/download

LAUSA, M., S. LEOPOLDO, D. R., & C. DABALOS, L. J. (2024). MGA HAMON NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO SA SENIOR HIGH SCHOOL. The American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 07(02). https://doi.org/10.56805/ajhssr

Lojente, S. (2024). Empowering teachers: Enhancing students' performance in the Filipino subject through teaching competence. International Journal of Scientific Engineering and Applied Science, 10(7), 1–7. https://ijseas.com/volume10/v10i7/IJSEAS202407101.pdf

Lopez. J (2018). ESTILO NG PAGTUTURO NG MGA GURO AT ANG AKTIBONG MOTIBASYON NG MGA MAG-AARAL. https://doi.org/10.1080/00933104.1991.10505640.

Ma, Q. (2021). The role of teacher autonomy support on students' academic engagement and resilience. Frontiers in Psychology, 12. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.778581

Márquez, J., Lazcano, L., Bada, C., & Arroyo-Barrigüete, J. L. (2023). Class participation and feedback as enablers of student academic performance. SAGE Open, 13(2). https://doi.org/10.1177/21582440231177298 (Original work published 2023)

Mosimege, Mogege & Winnaar, Lolita. (2021). Teachers' Instructional Strategies and their Impact on Learner Performance in Grade 9 Mathematics: Findings from TIMSS 2015 in South Africa. Perspectives in Education. V39. 324-338. 10.18820/2519593X/pie.v39.i2.22.

Munna, A. S., & Kalam, M. A. (2021). Teaching and Learning Process to Enhance Teaching Effectiveness: A literature review. https://eric.ed.gov/?id=ED610428

Nacis, E. (2014). The study of Filipino subject in high school students of Diaden Christian Academy. https://www.academia.edu/6098870/The_study_of_Filipino_subject_in_High_school_students_of_DCA

Nassaji, H. (2015). Qualitative and descriptive research: Data type versus data analysis. Language Teaching Research, 19(2), 129–132. https://doi.org/10.1177/1362168815572747

Nortvig, A. M., Petersen, A. K., and Balle, S. H.,(2018). A Literature Review of the Factors Influencing ELearning and Blended Learning in Relation to Learning Outcome, Student Satisfaction and Engagement. The Electronic Journal of e-Learning, 16(1). Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1175336.pdf

Paano, J. C. P., & Fuentes, H. C., PhD. (2024). Factors affecting academic achievement in Filipino subject of Grade 9 students in Dolores National High School Division of Eastern Samar. International Journal of Research and Innovation in Social Science, VIII(XI), 1726–1739. https://doi.org/10.47772/ijriss.2024.8110135

Parsons, V. L. (2017b). Stratified sampling. Wiley StatsRef: Statistics Reference Online, 1–11. https://doi.org/10.1002/9781118445112.stat05999.pub2\

Pratton, Jerry & Hales, Loyde. (2015). The Effects of Active Participation on Student Learning. The Journal of Educational Research. 79. 210-215. 10.1080/00220671.1986.10885679.

Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 03(03). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08

Renegado, M.J (2022). Unveiling Educational Frontiers: Exploring The Role Of Filipino Language In Higher Learning. (2022). Journal of Namibian Studies : History Politics Culture, 31, 355-361. https://doi.org/10.59670/jns.v31i.3393

Reio, Thomas. (2016). Nonexperimental research: strengths, weaknesses and issues of precision. European Journal of Training and Development. 40. DOI: 676-690. 10.1108/EJTD-07-2015-0058.

Rowena, A. (2020). Factors of learning in Filipino and students' performance of secondary education in Eastern Visayas, Philippines. file:///C:/Users/ACER/Downloads/2243-Article%20Text-4397-1-10-20201211.pdf

Ryan, R., & L. Deci, E. (2000). Self-Determination Theory and the Facilitation of Intrinsic Motivation, Social Development, and Well-Being. American Psychologist, 55(1), 68–78. https://selfdeterminationtheory.org/SDT/documents/2000_RyanDeci_SDT.pdf

Pido, Muhamad & Mahmud, Melizubaida & Sudirman, Sudirman. (2023). Teacher Performance on Student Learning Outcomes. Journal of Economic and Business Education. 1. 21-29. 10.37479/jebe.v1i1.16928.

Shulman, L. (1987). Those Who Understand: Knowledge Growth in Teaching. Educational Researcher, 15(2). http://www.jstor.org/stable/1175860 .

Siregar, Tifany & Anilafiza, Ufistia & Atia, Saniatul & Lestari, Hafifah. (2023). Analyze students learning interest in the subjects they like. International Journal of Education and Teaching Zone. 2. 139-147. 10.57092/ijetz.v2i1.77.

Sullera Jr, Felipe & Calisang, Cristina & Futalan, Maria Chona & Cordevilla, Roullette & Comighud, Sheena Mae. (2020). Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa Asignaturang Filipino Kaugnay ng Kanilang Akademik Performans. 10.5281/zenodo.4396108.

Somaye Davoodi, Kazem Khaefi, Firooz Sadighi. Presenting the Structural Equation Modeling of Achievement Goal and Self-regulation on Passing the Course. American Journal of Educational Research. 2017; 5(6):629-632. doi: 10.12691/education-5-6-6.

Tang, Y., & Hu, J. (2022). The impact of teacher attitude and teaching approaches on student demotivation: Disappointment as a mediator. Frontiers in Psychology, 13. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.985859

Thomas, Darrin & Zubkov, Pavel. (2023). Quantitative Research Designs. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/370630979_Quantitative_Research_Designs/citation/download

Vacalares, Sophomore & Ocliaman, Jamaica & Maglangit, Jessa. (2023). The Self-Esteem and Academic Performance in Purposive Communication Class at the Tertiary Level. International Journal of Research and Review. 10. 62-69. 10.52403/ijrr.20230609.

Wigfield, A., & Eccles, J. S. (2000). Expectancy-Value Theory of Achievement Motivation. Contemporary Educational Psychology, 25(1), 68–81. https://doi.org/10.1006/ceps.1999.1015

Wigfield, Allan & Gladstone, Jessica. (2019). What Does Expectancy-value Theory Have to Say about Motivation and Achievement in Times of Change and Uncertainty?: Theory, Research, and Implications for Practice. 10.1108/S0749-742320190000020002.